Pagsali sa Iyong Remote na Paglilitis sa Hukuman sa Zoom

Ang zoom ay isang panteknolohiyang program na nagbibigay-daan sa mga tao na kumonekta sa parehong meeting mula sa anumang lugar sa pamamagitan ng video. Puwedeng gumamit ang iyong hukuman ng Zoom para magsagawa ng mga paglilitis ng hukuman. Sasabihin sa iyo ng gabay na ito kung paano sumali sa isang remote na paglilitis sa hukuman gamit ang Zoom. *Pakitandaan: Ang impormasyon dito ay puwedeng magbago sa pamamagitan ng mga update sa hinaharap sa Zoom.*

PANOORIN ANG MGA VIDEO!

Para sa higit pang impormasyon sa paggamit ng Zoom para sa iyong remote na paglilitis sa hukuman, pumunta sa **https://www.courts.ca.gov/VRI.htm**. O kaya, i-scan ang QR code.

ANO ANG KAKAILANGANIN KO PARA SUMALI SA REMOTE NA PAGLILITIS?

Para sumali sa remote na paglilitis sa Zoom, kailangan mo ng device para sa video at audio. Ito ay puwedeng isang **computer** (gaya ng laptop o desktop), **tablet**, o **smartphone**. Ang device ay dapat may camera (para sa video) at mikropono (para sa audio). Dapat ay may access din ito sa internet o cellular data.

Kung wala kang access sa isa sa mga device na ito, posible kang mag-dial in sa isang remote na paglilitis sa hukuman sa Zoom sa pamamagitan ng **landline** o **mobile phone**. Abisuhan ang hukuman kung kailangan mo ang opsyong ito, partikular na kung kailangan mo ng pagsasalin.

Sundin ang mga tagubili sa ibaba para sumali sa iyong remote na paglilitis sa Zoom depende sa iyong device:

- Access sa Computer
- Access sa Smartphone o Tablet
- Access sa Telepono

Puwedeng magsama ang website ng hukuman ng mga direktang direct para mag-appear sa pamamagitan ng video o telepono. Puwede ka ring sumangguni sa Mga Tip sa Paglahok sa Iyong Remote na Paglilitis sa Hukuman sa dulo ng gabay na ito.

Access sa Computer

May 2 paraan para sumali sa isang paglilitis ng hukuman gamit ang Zoom sa isang computer:

1) I-download ang Zoom application sa iyong device *(inirerekomenda – tingnan sa ibaba)*
2) Sumali mula sa isang web browser *(tingnan ang page 5)*

OPSYON 1: I-download ang Zoom Application Sa Iyong Device *(Inirerekomenda)*

Kapag na-download mo ang Zoom, magkakaroon ka ng higit pang access sa lahat ng feature nito, at libre ito. Kung na-download mo ang Zoom sa iyong device, tiyaking na-install mo ang mga pinakabagong update.

1

I-DOWNLOAD ANG ZOOM SA IYONG DEVICE

Pumunta sa https://zoom.us/download para makuha ang pinakabagong bersyon ng Zoom Client for Meetings.



2

SUMALI SA MEETING

Sa petsa at oras ng iyong paglilitis sa hukuman, buksan ang Zoom application. Piliin ang “Join.”

Posibleng nakatanggap ka rin ng link sa meeting sa Zoom mula sa hukuman. Kung nakatanggap ka, puwede mong direktang piliin ang link na ito.

Puwede ring magsama ang website ng hukuman ng mga direktang direct para mag-appear sa pamamagitan ng video o telepono.



Piliin ang “Join”

Piliin ang link

3

ILAGAY ANG MEETING ID AT PASSCODE

Ilagay ang meeting ID na ibinigay sa iyo ng hukuman. Ilagay ang passcode kung mapo-prompt ka. (Ang impormasyong iyo ay nasa imbitasyon ng meeting sa Zoom na ipinadala ng hukuman.)

Tiyaking ilagay ang iyong buong pangalan para makilala ka ng hukuman. Pagkatapos ay piliin ang “Join.”





TANDAAN:

Sa pagitan ng mga hakbang na ito, puwede kang i-prompt ng Zoom na buksan ito gamit ang Zoom application. Piliin ang "Launch Meeting." Kung kinakailangan, piliin ang "Open zoom.us" sa pop-up screen.



4

PILIIN ANG IYONG AUDIO

Kung ang iyong computer **ay may mikropono**, piliin ang "Computer Audio." Pagkatapos ay piliin ang "Join with Computer Audio."

Kung **walang mikropono** ang iyong computer, piliin ang "Phone Call" at i-dial ang isa sa mga numerong ibinigay gamit ang iyong landline o mobile phone. Kapag na-prompt, ilagay ang meeting ID kasunod ng # sign. Kapag na-prompt, ilagay ang participant ID kasunod ng # sign. (Kung wala kang participant ID, pindutin ang # sign.)

Abisuhan ang hukuman kung kailangan mo ng pagsasalin at kailangang mong mag-dial in.



5

SUMALI SA VIDEO

Ipo-prompt ka ng Zoom na sumali sa meeting nang mayroon o walang video. Makakakita ka ng preview sa bubukas na window. Piliin ang "Join with Video."



TANDAAN:

Posibleng mapunta ka sa waiting room kapag nakapasok ka na. Papapasukin ka ng host sa meeting sa tamang panahon.



6

I-MUTE ANG IYONG MIKROPONO AT TINGNAN KUNG NAKA-ON ANG IYONG VIDEO

Kapag nasa meeting ka na, i-verify na naka-mute ang iyong mikropono at naka-on ang iyong camera.

Kapag may pulang slash sa mga ito ang iyong mikropono o camera, naka-off ang mga ito. Tiyaking ang icon ng mikropono mo ay may pulang slash (naka-mute) at walanga ganoon ang iyong camera (naka-on).



OPSYON 2: Sumali Mula sa Web Browser

Puwede kang sumali mula sa anumang web browser, tulad ng Chrome, Firefox, Safari, Internet Explorer 10 o mas bago, at higit pa.

1

SUMALI SA MEETING

Sa petsa ng iyong paglilitis sa hukuman, pumunta sa https://zoom.us/join sa iyong device.

Posibleng nakatanggap ka rin ng link sa meeting sa Zoom mula sa hukuman. Kung nakatanggap ka, puwede mong direktang piliin ang link na ito.

Puwede ring magsama ang website ng hukuman ng mga direktang direct para mag-appear sa pamamagitan ng video o telepono.



2

ILAGAY ANG MEETING ID AT PASSCODE

Ilagay ang meeting ID na ibinigay sa iyo ng hukuman. Ilagay ang passcode kung mapo-prompt ka. (Ang impormasyong iyo ay nasa imbitasyon ng meeting sa Zoom na ipinadala ng hukuman.)

Tiyaking ilagay ang iyong buong pangalan para makilala ka ng hukuman. Pagkatapos ay piliin ang "Join."



TANDAAN:

Sa pagitan ng mga hakbang na ito, puwede ka ring i-prompt ng Zoom na i-download ang application o sumali mula sa web browser. Piliin ang "Join from Your Browser."



3

PILIIN ANG IYONG AUDIO

Kung ang iyong computer **ay may mikropono**, piliin ang "Computer Audio." Pagkatapos ay piliin ang "Join with Computer Audio."

Kung **walang mikropono** ang iyong computer, piliin ang "Phone Call" at i-dial ang isa sa mga numerong ibinigay gamit ang iyong landline o mobile phone. Kapag na-prompt, ilagay ang meeting ID kasunod ng # sign. Kapag na-prompt, ilagay ang participant ID kasunod ng # sign. (Kung wala kang participant ID, pindutin ang # sign.)

Abisuhan ang hukuman kung kailangan mo ng pagsasalin at kailangan mong mag-dial in.





4

SUMALI SA VIDEO

Ipo-prompt ka ng Zoom na sumali sa meeting nang mayroon o walang video. Makakakita ka ng preview sa bubukas na window. Piliin ang "Join with Video."



TANDAAN:

Posibleng mapunta ka sa waiting room kapag nakapasok ka na. Papapasukin ka ng host sa meeting sa tamang panahon.



5

I-MUTE ANG IYONG MIKROPONO AT TINGNAN KUNG NAKA-ON ANG IYONG VIDEO

Kapag nasa meeting ka na, i-verify na naka-mute ang iyong mikropono at naka-on ang iyong camera.

Kapag may pulang slash sa mga ito ang iyong mikropono o camera, naka-off ang mga ito. Tiyaking ang icon ng mikropono mo ay may pulang slash (naka-mute) at walanga ganoon ang iyong camera (naka-on).



Access sa Smartphone o Tablet

Para i-access ang Zoom sa isang smartphone o tablet, dapat ay mayroon kang Zoom application.

I-download ang Zoom Application Sa Iyong Device

Libre ang Zoom application. Kung na-download mo ang Zoom sa iyong device, tiyaking na-install mo ang mga pinakabagong update.

1

I-DOWNLOAD ANG ZOOM SA IYONG DEVICE

Pumunta sa App Store o Google Play sa iyong tablet o smartphone at i-install ang Zoom Cloud Meetings application.

2

SUMALI SA MEETING

Sa petsa at oras ng iyong paglilitis sa hukuman, buksan ang Zoom application. Piliin ang “Join Meeting.”

Posibleng nakatanggap ka rin ng link sa meeting sa Zoom mula sa hukuman. Kung oo, puwede mong i-tap ang link na iyo para sumali sa meeting.

Puwede ka ring pumunta sa https://zoom.us/join sa isang browser sa iyong device. Ipo-prompt ka ng Zoom para buksan ang Cloud Meetings application. Piliin ang “Open.” Pagkatapos ay i-tap ang “Join Meeting.”

Puwede ring magsama ang website ng hukuman ng mga direktang direct para mag-appear sa pamamagitan ng video o telepono.





3

ILAGAY ANG MEETING ID AT IYONG PANGALAN

Ilagay ang meeting ID na ibinigay sa iyo ng hukuman. (Ang impormasyong ito ay makikita sa ipinadalang imbitasyon sa meeting sa Zoom ng hukuman.) Tiyaking ilagay ang iyong buong pangalan para makilala ka ng hukuman. Pagkatapos ay piliin ang "Join."



4

ILAGAY ANG PASSCODE

Ilagay ang passcode kung mapo-prompt ka. (Ang impormasyong iyo ay nasa imbitasyon ng meeting sa Zoom na ipinadala ng hukuman.) Pagkatapos ay piliin ang "Continue."



5

PILIIN ANG IYONG AUDIO

Kung ang iyong tablet o smartphone ay **hindi nakakonekta sa internet**, o kung **hindi ka gagamit ng cellular data**, piliin ang "Wifi or Cellular Data."

Kung ang iyong tablet o smartphone ay **hindi nakakonekta sa internet**, o **hindi ka gagamit ng cellular data**, piliin ang "Dial in." Pagkatapos ay i-tap ang icon na telepono ng isa sa mga ibinigay na numero sa pag-dial in at piliin ang "Dial."

Abisuhan ang hukuman kung kailangan mo ng pagsasalin at kailangan mong mag-dial in.

TANDAAN:

Posibleng mapunta ka sa waiting room kapag nakapasok ka na. Papapasukin ka ng host sa meeting sa tamang panahon.



6

I-MUTE ANG IYONG MIKROPONO AT TINGNAN KUNG NAKA-ON ANG IYONG VIDEO

Kapag nasa meeting ka na, i-verify na naka-mute ang iyong mikropono at naka-on ang iyong camera.

Kapag may pulang slash sa mga ito ang iyong mikropono o camera, naka-off ang mga ito. Tiyaking ang icon ng mikropono mo ay may pulang slash (naka-mute) at walanga ganoon ang iyong camera (naka-on).



Access sa Telepono

Kung wala kang access sa isang device na may audio at video, posible kang mag-dial in sa isang remote na paglilitis sa hukuman sa Zoom sa pamamagitan ng landline o mobile phone. Abisuhan ang hukuman kung kailangan mo ang opsyong ito, partikular na kung kailangan mo ng pagsasalin.

Mag-dial In sa Zoom

Kapag nagda-dial in sa isang landline o mobile phone, hindi mo makikita ang ibang kalahok, at hindi ka nila makikita. Pero maririnig mo sila, at maririnig ka nila.

1

BUKSAN ANG IMBITASYON SA MEETING SA ZOOM AT MAG-DIAL IN

Pumunta sa imbitasyong natanggap mo mula sa hukuman. I-dial ang anumang nakalistang numero. *(Puwede mong piliin ang numerong tumutugma sa iyong time zone, pero hindi iyon ipinag-aatas.)*

Puwede ka ring pumili ng mga “one tap mobile” na numerong nakalitsta sa imbitasyon ng meeting sa Zoom. Kung gagamitin mo ang isa sa mga numerong ito, hindi mo na kailangang ilagay ang iyong meeting ID at passcode at puwede kang pumunta sa Hakbang 2. Awtomatiko kang sasali sa meeting kapag sumali ang host ng meeting.



2

ILAGAY ANG MEETING ID AT PASSCODE

Ilagay ang meeting ID na ibinigay sa iyo ng hukuman, kasunod ng # sign. Ilagay ang passcode kung mapo-prompt ka, kasunod ng # sign. (Ang impormasyong iyo ay nasa imbitasyon ng meeting sa Zoom na ipinadala ng hukuman.) Makokonekta ka sa meeting kapag sumali ang host ng meeting.



3

I-MUTE ANG IYONG MIKROPONO

Kapag nakakonekta ka na, kung may kakayahan ang iyong telepono, i-verify na naka-mute ang iyong mikropono. Tiyaking i-unmute ang iyong sarili kapag nagsasalita ka at i-mute ang iyong sarili kapag hindi ka nagsasalita.



MGA TIP PARA SA PAGLAHOK SA IYONG REMOTE NA PAGLILITIS SA HUKUMAN

1. Pumili ng lugar tahimik na lugar kung saan puwede kang manatili nang hanggang sa ilang oras nang hindi naaabala at nang hindi mo kailangang gumawa ng ibang bagay, gaya ng trabaho o pagmamaneho. Lubos na inirerekomendang pumili ka ng tahimik na lugar ng iyong bahay o isang pribadong lokasyon.
2. Tingnan kung naaangkop para sa hukuman ang iyong background.
3. Depende sa kalendaryo ng hukuman, posiblang kailanganin mong maghintay sandali bago matawag ang iyong kaso. Posibleng ilagay ka sa isang waiting room hanggang sa tawagin ka.
4. Magdamit nang naaangkop. Kahit hindi ka pupunta sa hukuman nang personal, dapat magpakita ng respeto sa hukuman ang pipiliin mong damit. Pumili ng damit na maisusuot mo sa isang propesyonal na opisina o pangnegosyo.
5. Kausapin ang hukom na “Your Honor.”
6. Sabihin sa hukom kung wala kang marinig o kung nakakaranas ka ng mga teknikal na problema.
7. Huwag mang-abala. Kung mayroon kang tanong, puwede mong gamitin ang icon ng “Raise Hand” sai ilalim ng “Reactions” sa toolbar. Maglalagay ito ng maliit na kamay sa tabi ng iyong pangalan at video para alertuhan ang iba na mayroon kang tanong.
8. Manatili sa camera sa lahat ng pagkakataon. Tandaang makikita ka ng iba kapag naka-on ang iyong camera.
9. Manatiling naka-mute maliban na lang kung nagsasalita ka. Tandaang maririnig ka ng iba maliban na lang kung naka-mute ang iyong mikropono.
10. Panoorin ang mga video sa https://www.courts.ca.gov/VRI.htm para sa higit pang impormasyon sa:
    - Paghahanda para sa Iyong Remote na Paglilitis sa Hukuman sa Zoom
    - Paano Sumali sa Iyong Remote na Paglilitis sa Hukuman sa Zoom